



Republic of the Philippines

Department of Education

Region VII, Central Visayas

DIVISION OF CEBU PROVINCE

Sudlon, Lahug, Cebu City



Hunyo 19, 2014

Pansangay na Memorandum

Blg. 280, s. 2014

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2014

**Para sa: Assistant Superintendents
Education Supervisors/Coordinators
District Supervisors/OICs
Elementary and Secondary School Heads**

1. Kalakip ay Memorandum Pangkagawaran Blg. 63 s. 2014 na may petsang Hunyo 9, 2014 at pinamagatang “ **Buwan ng Wikang Pambansa 2014** ” para sa impormasyon at gabay ng lahat ng kinaaukulan.
2. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ARDEN D. MONISIT, Ed.D.
Schools Division Superintendent

Telephone Numbers:

Schools Division Superintendent:	(032) 255-6405
Asst. Schools Division Superintendent:	(032) 414-7457
Accounting Section:	(032) 254-2632
Disbursing Section:	(032) 255-4401
Admin/Legal:	(032) 253-7847
Promotional Staff Section:	(032)520-3217

Website : www.depedcebuprovince.com

E-mail Add : depedcebuprovince@yahoo.com



Republic of the Philippines
Department of Education

09 JUN 2014

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN

Blg. **63**, s. 2014

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2014

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pamubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1-31, 2014 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Wika ng Pagkakaisa*.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

- a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
- b. magamit ang wika sa pamamagitan ng pagsasalin bilang instrumento sa wika ng kapayapaan;
- c. maipakita ang kahalagahan ng wika na higit na nauunawaan ng nakararami para sa pambansang pagkakaisa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

- Ang Wika ng Usaping Pangkapayapaan ay Wika ng Pagkakasundo;
- Ang Wikang Nauunawaan ng Nakararami ay Wika ng Kapayapaan;
- Ang Wika ng Pagsasalin ay Wika ng Pagkakaunawaan; at
- Ang Wika ng Kapayapaan ay Wika ng Pambansang Pagkakaisa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang magiging gabay at batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa loob ng isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpapalano ng palatuntunan.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)
2/F Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel Street, San Miguel, Manila
Telepono Blg.: (02) 736-2519

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran Blg. 89, s. 2013

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
Learning Area, FILIPINO
SCHOOLS

Sally: Buwan ng Wika
0380-Mayo 21, 2014/6-5